Ang Mga Salot

Liksyon 4, Pangatlong Semestre, Hulyo 19-25, 2025

Hapon ng Sabbath, Hulyo 19

Talatang Sauluhin:

“At ang puso ni Farao'y nagmatigas, at hindi niya pinayaon ang mga anak ni Israel; gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises.” KJV - Exodo 9:35

Muling dumating ang banal na mensahe kay Moises, “Pumasok ka, salitain mo kay Faraon na hari sa Egipto, na kaniyang pahintulutang umalis sa lupain niya ang mga anak ni Israel.” Sa kanyang panghihina ng loob ay tumugon siya, “Narito ang mga anak ni Israel ay hindi nakinig sa akin; paano ngang si Faraon ay makikinig sa akin?” Sinabihan siyang isama si Aaron at humarap kay Faraon, at muling sabihin ang utos, “na kanyang payagan ang mga anak ni Israel na lumabas sa kanyang lupain.” — PP 260.3

Ipinaalam sa kanya na ang hari ay hindi susuko hangga’t hindi dinadalaw ng Diyos ang Egipto ng Kanyang mga kahatulan, at ilalabas ang Israel sa pamamagitan ng hayag na pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan. Bago ipadala ang bawat salot, kailangang ilarawan ni Moises ang likas at magiging epekto nito, upang magkaroon ng pagkakataon ang hari na iligtas ang sarili kung nanaisin niya. Ang bawat parusang itatakwil ay susundan ng mas mabigat na kaparusahan, hanggang sa ang kanyang palalong puso ay mapakumbaba, at kanyang kilalanin ang Maylalang ng langit at lupa bilang tunay at buhay na Diyos. Ipapakita ng Panginoon sa mga Egipcio kung gaano kawalang-saysay ang karunungan ng kanilang mga makapangyarihang tao, kung gaano kahina ang kapangyarihan ng kanilang mga diyos kapag hinarap ang mga utos ni Jehova. Parurusahan ng Diyos ang bayang Egipcio dahil sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan at patatahimikin ang kanilang pagmamayabang sa mga biyayang natanggap mula sa mga walang-buhay na diyos. Luluwalhatiin ng Diyos ang Kanyang pangalan, upang ang ibang mga bansa ay makarinig ng Kanyang kapangyarihan at manginig sa Kanyang makapangyarihang mga gawa, at upang ang Kanyang bayan ay mahikayat na talikuran ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan at maghandog sa Kanya ng dalisay na pagsamba. — PP 263.1

Linggo, Hulyo 20

Ang Diyos laban sa mga Diyus-diyosan

Basahin ang Exodo 7:8–15. Anong mga liksyon ang narito sa unang paghaharap na ito sa pagitan ng Diyos ng mga Hebreo at ng mga diyos ng Ehipto?

Humingi ang hari ng isang himala, bilang patunay ng kanilang banal na pagkasugo. Sina Moises at si Aaron ay napagbilinan na kung paano kikilos sakaling humiling ng ganoong bagay ang hari, kaya kinuha ni Aaron ang tungkod at inihagis ito sa harap ni Faraon. Ito’y naging ahas. Ipinatawag naman ng hari ang kanyang mga “marunong at ang mga manghuhula,” na “inihagis ng bawa't isa ang kanikaniyang tungkod, at nangaging ahas: nguni't nilamon ng tungkod ni Aaron ang mga tungkod nila.” Kaya’t ang hari, lalong nagmatigas, ay ipinahayag na ang kanyang mga mahiko ay kapantay sa kapangyarihan nina Moises at Aaron; tinuligsa niya ang mga lingkod ng Panginoon bilang mga mapagkunwari, at inakalang ligtas siyang sa pagtutol sa kanilang kahilingan. Gayunman, bagaman hinamak niya ang kanilang mensahe, siya ay pinigil ng kapangyarihan ng Diyos na saktan sila. — PP 263.2

Ito ay gawa ng kamay ng Diyos, at hindi bunga ng anumang impluwensiya o kapangyarihang taglay nina Moises at Aaron, ang mga himalang ipinamalas nila sa harap ni Faraon. Ang mga tanda at kababalaghan na iyon ay nilayon upang kumbinsihin si Faraon na ang dakilang “AKO NGA” ang nagsugo kay Moises, at na tungkulin ng hari na payagan ang Israel na makaalis upang sila’y makapaglingkod sa buhay na Diyos. Nagpakita rin ng mga tanda at kababalaghan ang mga manghuhula; sapagkat hindi lamang sa kanilang sariling kaalaman kundi sa kapangyarihan ng kanilang diyos, si Satanas, na tinulungan silang pekein ang gawain ni Jehova. — PP 264.1

Hindi talaga napabago ng mga mahiko ang kanilang mga tungkod upang maging ahas; ngunit sa pamamagitan ng salamangka, na tinulungan ng dakilang manlilinlang, nagawa nilang magpakita ng ganitong anyo. Hindi kayang baguhin ni Satanas ang mga tungkod upang maging mga buhay na ahas. Ang prinsipe ng kasamaan, bagaman taglay ang lahat ng karunungan at lakas ng isang nahulog na anghel, ay walang kapangyarihang lumikha o magbigay-buhay; ito ay tanging karapatan ng Diyos. Ngunit ang lahat ng kaya niyang gawin ay ginawa niya; nagpakita siya ng huwad na gawa. Sa paningin ng tao, tila naging mga ahas nga ang mga tungkod. Ito ang pinaniwalaan ni Faraon at ng kanyang mga tagapayo. Walang anumang pagkakaiba sa anyo ang mga ito kumpara sa ahas na ginawa ni Moises. Bagaman ipinag-utos ng Panginoon na lamunin ng tunay na ahas ang mga huwad, gayunman ay hindi rin ito tinanggap ni Faraon na gawa ng kapangyarihan ng Diyos, kundi bunga lamang ng isang uri ng mahika na mas mataas kaysa sa meron ng kanyang mga lingkod. — PP 264.2

Lunes, Hulyo 21

Sino ang Nagpatigas ng Puso ni Faraon?

Basahin ang Exodo 7:3, 13, 14, 22. Paano natin nauunawaan ang mga talatang ito?

“Ipinahayag ng Diyos tungkol kay Paraon, ‘At aking papagmamatigasin ang puso ni Paraon, at aking pararamihin ang aking mga tanda at ang aking mga kababalaghan sa lupain ng Egipto.’” (Exodo 4:21). Hindi ginamit ng Diyos ang anumang kapangyarihang supernatural upang patigasin ang puso ng hari. Sa halip, ipinakita Niya kay Paraon ang malinaw na patotoo ng Kanyang banal na kapangyarihan, ngunit matigas ang ulo ng hari at ayaw niyang tanggapin ang liwanag. Bawat pagpapakita ng walang hanggang kapangyarihang kanyang tinanggihan ay lalo lamang nagpapatibay sa kanya sa paghihimagsik. Ang unang pagtanggi niya sa himala ay nagsilbing binhi ng pag-aalsa, na kalauna’y nagbunga ng matinding katigasan ng puso. Habang patuloy niyang sinusunod ang sariling landas—mula sa isang antas ng pagsuway patungo sa mas matindi—lalong tumigas ang kanyang puso, hanggang sa dumating ang sandaling kinailangan niyang saksihan ang malamig at walang-buhay na mga mukha ng mga panganay. (PP 268.1)

Nagsasalita ang Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, sa pagbibigay ng mga babala, paalaala, at pagsaway sa kasalanan. Bawat isa ay binibigyan ng pagkakataong ituwid ang kanilang mga kamalian bago pa ito maging bahagi ng kanilang pagkatao. Ngunit kung ang isa ay tumangging ituwid ang kanyang landas, hindi manghihimasok ang Diyos upang pigilan ang epekto ng kanyang sariling mga pagpili. Sa halip, mas lalo niyang nagagawang ulitin ang parehong maling gawain. Sa ganitong paraan, pinatitigas niya ang kanyang puso laban sa impluwensya ng Banal na Espiritu. Ang patuloy na pagtanggi sa liwanag ay magdadala sa kanya sa kalagayang kahit pa may mas matinding impluwensya, ito’y hindi na makakagawa ng matibay at pangmatagalang epekto. (PP 268.2)

“At sinabi ng Panginoon kay Moises, ‘Pagkabalik mo sa Egipto, iyong gawin nga sa harap ni Faraon ang lahat ng kababalaghan na aking itiniwala sa iyong kamay: datapuwa't aking papagmamatigasin ang kaniyang puso, at hindi niya tutulutang yumaon ang bayan.’ Ang ibig sabihin nito, kapag itinakwil ni Paraon ang mga palatandaan ng kapangyarihan ng Diyos, lalo lamang siyang titigas sa kanyang paghihimagsik. Sa bawat pagtutol, lalalim ang kanyang katigasan ng puso dahil sa patuloy niyang paglaban sa kapangyarihan ng Diyos. Ngunit sa kabila nito, gagamitin ng Diyos ang kanyang katigasan upang ang pagtanggi niyang palayain ang Israel ay maghatid ng mas matinding pagpapahayag ng pangalan ng Diyos—hindi lamang sa mga Egipcio, kundi maging sa sariling bayan ng Diyos.” (3SG 194.2)

Nais ni Paraon na bigyang-katwiran ang kanyang katigasan ng ulo sa pagsuway sa utos ng Diyos, kaya’t naghahanap siya ng dahilan upang huwag pansinin ang mga himalang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Moises. Ibinigay sa kanya ni Satanas ang hinahanap niyang dahilan. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit ng mga mahiko, pinaniwala niya ang mga Egipcio na sina Moises at Aaron ay mga salamangkero lamang, at na ang kanilang mensahe ay hindi dapat igalang bilang mula sa mas mataas na kapangyarihan. Sa ganitong paraan, natamo ni Satanas ang layunin ng kanyang huwad na gawa—ang palakasin ang loob ng mga Egipcio sa kanilang paghihimagsik at patigasin pa lalo ang puso ni Paraon laban sa paniniwala. Nais din ni Satanas na pahinain ang pananampalataya nina Moises at Aaron sa banal na pinagmulan ng kanilang misyon, upang ang kanyang mga kasangkapan ang manaig. Ayaw ni Satanas na ang mga anak ng Israel ay mapalaya mula sa pagkaalipin upang paglingkuran ang buhay na Diyos. (PP 264.3)

Martes, Hulyo 22

Ang Unang Tatlong Salot

Basahin ang Exodo 7:14–8:19. Ano ang nangyari sa mga salot na ito?

“Inutusan sina Moises at Aaron na dumalaw sa pampang ng ilog kinabukasan ng umaga, sa lugar na kinaugalian ng hari na puntahan. Dahil ang pag-apaw ng Ilog Nilo ang pinagmumulan ng pagkain at kayamanan ng buong Egipto, sinasamba ang ilog bilang isang diyos, at araw-araw itong dinadalaw ng hari upang magbigay-galang. Dito muling inulit ng dalawang magkapatid ang mensahe sa kanya, at pagkatapos ay iniunat nila ang pamalo at hinampas ang tubig. Ang banal na ilog ay naging dugo, namatay ang mga isda, at naging mabaho ang ilog. Maging ang tubig sa mga bahay, ang mga reserba sa mga imbakan, ay naging dugo rin. Ngunit “ang mga mahiko sa Egipto ay gumawa ng gayon din,” kaya't “tumalikod si Paraon at pumasok sa kanyang bahay, at hindi rin niya pinagtuunan ng pansin ito.” Sa loob ng pitong araw ay nagpatuloy ang salot, ngunit walang epekto sa hari.** (PP 265.1)

“Muli nilang iniunat ang pamalo sa ibabaw ng tubig, at lumitaw ang mga palaka mula sa ilog at kumalat sa buong lupain. Pinasok nila ang mga bahay, sinakop ang mga silid-tulugan, at maging ang mga pugon at sisidlan ng pagmamasa. Itinuturing na banal ng mga Egipcio ang mga palaka at ayaw nila itong patayin; ngunit ang mga madudulas na peste ay naging hindi na matiis. Maging sa palasyo ni Paraon ay nagsisiksikan ang mga palaka, at naging hindi na matiisin ang hari at nagnanais nang sila'y alisin. Nagpakitang-kaya rin ng mga mahiko na maglabas ng mga palaka, ngunit hindi nila ito kayang alisin. Nang makita ito, medyo nagpakumbaba si Paraon. Ipinatawag niya sina Moises at Aaron, at sinabi, “Manalangin kayo sa Panginoon, na alisin ang mga palaka sa akin, at sa aking bayan; at aking tutulutang yumaon, ang bayan upang sila'y makapaghain sa

Panginoon.” Pagkatapos ipaalala sa hari ang kanyang dating pagmamayabang, hiniling nila na siya ang magtakda ng oras kung kailan sila mananalangin para alisin ang salot. Itinakda niya ang kinabukasan, palihim na umaasang baka sa pagitan ng panahong iyon ay kusa nang mawala ang mga palaka, at sa gayon ay makaiiwas siya sa kahihiyang lubos na magpasakop sa Diyos ng Israel. Gayunman, nagpatuloy ang salot hanggang sa itinakdang araw, at namatay ang mga palaka sa buong Egipto; subalit ang mga nabubulok na bangkay ng mga ito ay nanatili at nagdulot ng masangsang na amoy sa paligid.”** (PP 265.2)

“Maaaring pinaalikabok na lamang agad ng Panginoon ang mga palaka sa isang iglap; ngunit hindi Niya ginawa ito, baka sabihin ng hari at ng kanyang bayan na ito’y epekto lamang ng salamangka o mahika, gaya ng gawa ng mga mahiko. Kaya’t pinatay ang mga palaka, at pagkatapos ay tinipon sa malalaking bunton. Dito nagkaroon ng malinaw na patotoo ang hari at ang buong Egipto—na hindi mapapasinungalingan ng kanilang walang kabuluhang pilosopiya—na ang gawaing ito ay hindi mahika kundi hatol mula sa Diyos ng langit.”** (PP 266.1)

“‘Nguni't nang makita ni Faraon na may pahinga ay pinapagmatigas ang kaniyang puso.’ Sa utos ng Diyos, iniunat ni Aaron ang kanyang kamay, at ang alabok ng lupa ay naging kuto sa buong lupain ng Egipto. Ipinatawag ni Paraon ang mga mahiko upang gawin din ang gayon, ngunit hindi nila nagawa. Kaya’t malinaw na ipinakita na ang gawa ng Diyos ay mas mataas kaysa sa gawa ni Satanas. Pati ang mga mahiko ay umamin, “Ito'y daliri ng Diyos.” Ngunit hindi pa rin natinag ang hari.”** (PP 266.2)

Miyerkules, Hulyo 23

Mga Langaw, Alagang Hayop, at Pigsa

Basahin ang Exodo 8:20–9:12. Ano ang itinuturo ng salaysay na ito tungkol sa kahit gaano man kadakila ang pagpapakita ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos, ay may kalayaan pa rin ang sangkatauhan na tanggihan Siya?

“Walang naging bisa ang panawagan at babala, kaya’t muling ipinatupad ang isa pang hatol. Ipinahayag muna ang tiyak na oras ng pagdating nito, upang hindi masabing ito ay nagkataon lamang. Pinasok ng mga langaw ang mga tahanan at nagsisiksikan sa lupa, kaya’t “ nasisira ang lupa dahil sa mga pulupulutong na langaw.” Malalaki ang mga langaw na ito at makamandag, at ang kanilang kagat ay labis na masakit sa tao at hayop. Gaya ng ipinangako, hindi naapektuhan ng salot ang lupain ng Goshen, kung saan naninirahan ang mga Israelita. (PP 266.3)

Nag-alok si Paraon ng pahintulot na maghain ang mga Israelita, ngunit sa loob pa rin ng Egipto. Tumanggi sila sa ganitong kondisyon. Sinabi ni Moises, “Hindi marapat na aming gawing ganyan; sapagka't aming ihahain ang mga kasuklamsuklam ng mga Egipcio, sa Panginoon naming Dios: narito, ihahain ba namin ang kasuklamsuklam ng mga Egipcio sa harap ng kanilang mga mata at di ba nila kami babatuhin?”Ang mga hayop na kailangang ihandog ng mga Hebreo ay itinuturing na sagrado ng mga Egipcio, at dahil sa labis na paggalang sa mga ito, kahit ang hindi sinasadyang pagpatay sa isa ay pinarurusahan ng kamatayan. Kaya’t imposibleng makasamba ang mga Hebreo sa Egipto nang hindi nila naiinis ang kanilang mga amo. Muling iminungkahi ni Moises na sila ay maglakbay ng tatlong araw papasok sa ilang upang maghain. Sa pagkakataong ito, pumayag ang hari at nakiusap na idalangin ng mga lingkod ng Diyos na maalis ang salot. Nangako sina Moises na ipapanalangin ito, ngunit binalaan nila siya na huwag silang dayain. Humupa ang salot, ngunit lalong tumigas ang puso ni Paraon dahil sa kanyang patuloy na paghihimagsik, at muli siyang tumangging sundin ang Diyos. (PP 266.4)

Sumunod ang mas mabigat na parusa—isang nakamamatay na salot sa lahat ng hayop ng mga Egipcio na nasa mga bukirin. Kabilang dito ang mga sagradong hayop at mga ginagamit sa gawain tulad ng baka, tupa, kabayo, kamelyo, at asno—lahat ay namatay. Malinaw na sinabi ng Diyos na ang mga hayop ng mga Israelita ay hindi maaapektuhan. At nang magpadala si Paraon ng mga sugo sa tahanan ng mga Israelita, napatunayan niyang totoo ang sinabi ni Moises: “nguni't sa hayop ng mga anak ni Israel ay walang namatay kahit isa..” Gayunman, nanatiling matigas ang puso ni Paraon. (PP 267.1)

Sunod na inutusan si Moises na kumuha ng abo mula sa kalan at iwisik ito paitaas sa harap ni Paraon. Malalim ang kahulugan ng gawaing ito. Apatnaraang taon na ang nakalipas, ipinakita ng Diyos kay Abraham, sa anyo ng isang umuusok na kalan at nagniningas na ilawan, ang magiging pagkaalipin ng Kanyang bayan. Ipinangako rin Niya na darating ang panahon ng Kanyang paghuhukom sa mga maniniil at na ilalabas Niya ang Kanyang bayan na may dalang malaking kayamanan. Sa Egipto, matagal nang namumuhay ang Israel sa ilalim ng matinding paghihirap—parang nasa pugon ng kapighatian. Ang pagkilos ni Moises ay naging patunay na ang Diyos ay tapat sa Kanyang tipan at dumating na ang oras ng kanilang paglaya. (PP 267.2)

Nang iwisik ang abo paitaas, ang pinong alikabok ay kumalat sa buong Egipto. At kung saan man ito bumagsak, nagkaroon ng mga pigsa na “pumutok at naging masakit” sa katawan ng tao at hayop. Noon pa man, ang mga pari at mga mahiko ay nagpapalakas sa katigasan ng puso ni Paraon. Ngunit sa pagkakataong ito, pati sila ay tinamaan ng hatol. Sila mismo ay nagkasakit ng isang karumal-dumal at masakit na karamdaman. Ang ipinagmamalaki nilang kapangyarihan ay nawalan ng halaga—lalo lamang silang naging kahabag-habag. Wala na silang lakas upang labanan ang

Diyos ng Israel. Sa wakas, nakita ng buong bansa kung gaano kahangal ang magtiwala sa mga mahiko—hindi man lang nila kayang ipagsanggalang ang kanilang sariling mga katawan. (PP 267.3)

Huwebes, Hulyo 24

Granizo, Mga Balang, at Kadiliman

Basahin ang Exodo 9:13–10:29. Gaano katagumpay ang mga salot na ito sa pagpapabago ng isip ni Paraon?

“Ang salot ng graniso ang sunod na ibinanta kay Paraon, kalakip ang babala: “Ngayon nga'y magsugo ka, ipasilong mo ang iyong mga hayop at lahat ng iyong tinatangkilik sa parang; sapagka't bawa't tao at hayop na maabutan sa parang, at hindi masisilong, ay lalakpakan ng granizo at mamamatay.” Ang ulan o graniso ay bihirang mangyari sa Egipto, at ang ganitong uri ng bagyo ay hindi pa kailanman naranasan. Mabilis na kumalat ang balita, at yaong mga naniwala sa salita ng Panginoon ay nagtipon ng kanilang mga hayop, samantalang yaong mga nagwalang-bahala sa babala ay iniwan ang mga ito sa parang. Sa gitna ng paghatol, nahayag ang awa ng Diyos—ang mga tao ay sinubok, at ipinakita kung ilan ang natutong matakot sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan.” (PP 269.2)

“Dumating ang unos gaya ng ipinangako—kulog, graniso, at apoy na magkasamang bumabagsak, “ at napakalakas, na kailan ma'y hindi nagkaroon sa buong lupain ng Egipto mula nang maging bansa. At nanakit ang graniso sa buong Egipto ang lahat ng nasa parang, maging tao o hayop; sinira rin nito ang bawat damo sa parang, at binali ang bawat punong kahoy.” Sa pagdaan ng anghel ng paglipol, ang lupain ay nabalot ng pagkawasak at kapinsalaan. Tanging ang lupain ng Goshen ang hindi naapektuhan. Ipinakita sa mga Egipcio na ang lupa ay nasa ilalim ng pamamahala ng buhay na Diyos, na ang mga elemento ay sumusunod sa Kanyang tinig, at na ang tanging kaligtasan ay nasa pagsunod sa Kanya.” (PP 269.3)

“Nanginig ang buong Egipto sa harap ng kakila-kilabot na pagbubuhos ng banal na paghatol. Agad na ipinatawag ni Paraon ang magkapatid at sinabi, “Ako'y nagkasala ngayon: ang Panginoo'y matuwid; at ako at ang aking bayan ay masama. Dalanginan ninyo ang Panginoon; sapagka't nagkaroon na ng sukat na malalakas na kulog at granizo; at kayo'y aking payayaunin, at di ko na kayo bibinbinin.” Ang sagot ni Moises ay, “At sinabi ni Moises sa kaniya, Pagkalabas ko sa bayan, ay aking ilalahad ang aking mga kamay sa Panginoon; at ang mga kulog ay titigil, at hindi na magkakaroon pa ng anomang granizo; upang iyong maalaman na ang lupa'y sa Panginoon. Nguni't tungkol sa iyo at sa iyong mga lingkod, ay nalalaman ko, na di pa kayo matatakot sa Panginoong Dios.” (PP 270.1)

“At iniunat ni Moises ang kaniyang tungkod sa lupain ng Egipto, at ang Panginoo'y nagpahihip ng hanging silanganan na nagdala ng mga balang. “totoong napakakapal; bago noon ay hindi nagkaroon ng gayong balang, at hindi na magkakaroon pa, pagkatapos noon, ng gayon.” Pinuno nila ang kalangitan hanggang sa nagdilim ang lupain, at nilamon ang lahat ng sariwang halamang naiwan. Nang magkagayo'y tinawag na madali ni Faraon si Moises at si Aaron, at kaniyang sinabi, Ako'y nagkasala laban sa Panginoon ninyong Dios, at laban sa inyo. Ngayon nga'y ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang aking kasalanan, na ngayon na lamang at idalangin ninyo sa Panginoon ninyong Dios, na kaniya lamang ilayo sa akin ang kamatayang ito.

Ginawa nila ito, at isang malakas na hanging mula sa kanluran ang nagtaboy sa mga balang papunta sa Dagat na Pula. Ngunit nanatiling matigas ang puso ng hari.” (PP 271.5)

“Biglang bumalot sa lupain ang isang makapal at matinding kadiliman, na tila ba ito’y isang “kadilimang nadarama.” Hindi lamang sila nawalan ng liwanag, kundi maging ang hangin ay napakabigat kaya’t hirap silang huminga. “Sila'y hindi nagkikita, at walang tumindig na sinoman sa kinaroroonan sa loob ng tatlong araw; kundi lahat ng mga anak ni Israel ay nagilaw sa kanikaniyang tahanan.” Ang araw at buwan ay sinasamba ng mga Egipcio; sa mahiwagang kadilimang ito, ang mga tao at maging ang kanilang mga diyos ay sabay-sabay na tinamaan ng kapangyarihang kumakampi sa mga alipin. Gayunman, gaano man ito katindi, ang hatol na ito ay patunay ng habag ng Diyos at ng Kanyang pag-aatubiling maglipol. Ibinibigay Niya sa bayan ang panahon upang magnilay at magsisi bago ipataw ang huli at pinakakakila-kilabot sa lahat ng mga salot.” (PP 272.1)

Biyernes, Hulyo 25

Karagdagang Kaisipan

“Sa wakas, napilitan si Paraon na magbigay ng karagdagang pahintulot dahil sa matinding takot. Pagtapos ng ikatlong araw ng kadiliman, ipinatawag niya si Moises at pumayag na paalisin ang bayan, ngunit may kondisyon—ang kanilang mga kawan at mga hayop ay dapat maiwan.

Ngunit matatag na sumagot si Moises, “wala kahit isang paa na maiiwan. Sapagkat hindi pa namin alam kung ano ang aming ihahandog sa Panginoon hanggang makarating kami roon.” (PP 272.2)

Nag-alab ang galit ng hari at nawalan siya ng pagpipigil. Sigaw niya, “Umalis ka sa harap ko, iyong pagingatang huwag mo nang makitang muli ang aking mukha; sapagka't sa araw na iyong makita ang aking mukha ay mamamatay ka. At sinabi ni Moises, Mabuti ang sabi mo, hindi ko na muling makikita ang iyong mukha.”

“Ang taong si Moises ay itinuring na dakila sa buong lupain ng Egipto—sa paningin ng mga lingkod ni Paraon at ng buong sambayanan.”

Ang mga Egipcio ay may paggalang at takot kay Moises. Hindi siya pinangahasang saktan ni Paraon, sapagkat naniniwala ang bayan na siya lamang ang may kapangyarihang mag-alis ng mga salot.

Nais ng mga tao na payagan na ang mga Israelita na umalis sa Egipto. Subalit si Paraon at ang mga saserdote ang nanatiling matigas ang puso at tumutol hanggang sa huli sa mga kahilingan ng Diyos.

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org